


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 39: Pagsunod at Paggalang: Hubugin at Paunlarin



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 39: Pagsunod at Paggalang: Hubugin at Paunlarin
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Sidlia M. Lecciones
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth M. Ysulan, Jezzine F. Salar, Judith Ecoben, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 39:
Pagsunod at Paggalang:
Hubugin at Paunlarin**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Isa sa responsibilidad ng magulang, nakatatanda at may awtoridad na hubugin at paunlarin ang pagiging magalang at masunurin ng mga kabataan. Hindi madali ang pagsasakatuparan nito dahil nakasalalay sa kanilang ipinakikitang kilos ang pag-uugali ng mga kabataan. Kung ano ang kanilang nakikita sa mga taong nakapaligid sa kanila sa araw-araw na pamumuhay ay ganoon din ang maaaring maisabubuhay nila kaya nararapat lamang na ang pagpapamalas ng mga kilos ay angkop, may pagmamahal, nakahuhubog at nakauunlad sa pagpapahalaga ng kabataan. Paano kaya maisakatuparan ang ganitong responsibilidad?

Ngayon, ihanda ang sarili upang mapaunlad ang pagmamahal at pananagutan ng magulang, nakatatanda at awtoridad nang sa gayon maisakatuparaan ang paghubog sa pagpapahalaga ng mga kabataan sa pagsunod at paggalang.

Sa modyul na ito, matututuhan mo kung paano huhubugin ang pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad. Malilinang mo ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nahihinuha na dapat gawin ang pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad dahil sa pagmamahal, sa malalim na pananagutan at sa pagkilala sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ang mga pagpapahalaga ng kabataan. (EsP8-IIIId-10.3)



Subukin

Maraming Pagpipilian. Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Mahal ni Nanding ang kanyang Lolo kaya lagi niyang sinusunod ang lahat ng tagubilin nito sa kanya. Kaya isang araw, inutusan siya ng kanyang Lolo na bumili ng pagkain para sa kanila. Paano maipakita ni Nanding ang paggalang at pagsunod niya sa kanyang Lolo?
 - A. Nagmaktol na bumili ng pagkain dahil naiinis siya na inutusan siya.
 - B. Sinunod niya ng bukal sa kanyang kalooban ang utos ng Lolo niya.
 - C. Sinunod niya ang kanyang Lolo ngunit huminto sa may tindahan at nakipagkwentuhan.
 - D. Iniwan ang kanyang Lolo at pumasok sa kwarto.

2. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa magulang?
 - A. Ayaw tulungan ni April ang kanyang mga magulang sa gawaing bahay.
 - B. Si Sally ay palaging nagpapaalam sa mga magulang tuwing siya ay may lakad.
 - C. Inutusan sa Jercyl ng kanyang mga Nanay na bumili ng suka sa tindahan pero hindi siya sumunod dito.
 - D. Sinasagot-sagot ni Justine ang kanyang Tatay nang siya ay pangaralan tungkol sa pakikipagrealsyon sa ibang kasarian.

3. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda?
 - A. Pinagalitan ni Arnel ang matandang drayber ng dyip dahil muntik na siya nitong masagasaan habang naglalakad sa gilid ng kalsada.
 - B. Binulyawan ni Lando ang matandang lalaki na nakasalubong niya sa daan dahil naapakan nito ang paa niya.
 - C. Malumanay ang tinig ni Dante habang kausap niya ang isang matandang nagtatanong kung saan ang kalye Crisologo.
 - D. Tinulak ni Tanya ang matandang babae na naglalakad sa harapan niya dahil nagmamadali na siya sa pagpasok sa kanyang trabaho.

4. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa awtoridad?
 - A. Tumawid si Tina sa daan kahit na ito ay ipinagbabawal.
 - B. Sinunod ng mga mamimili sa grocery store ang social distancing.
 - C. Ang tatay ni Tony ay lumabas ng bahay na walang suot na *face mask*.
 - D. Sinabihan si Annie ng pulis na bawal lumabas ng bahay ang may edad 20 pababa ngayong ECQ ngunit lumabas at nakipagtsimisan ito sa kapitbahay.

5. Malaki ba ang responsibilidad ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad sa paghubog ng pagpapahalaga ng isang bata lalo na sa pagiging magalang?
- A. Hindi, dahil nasa bata na kung ano ang gusto niyang sundin na pagpapahalaga lalo na sa pagiging magalang.
 - B. Hindi, dahil marami ang naging batayan ng kabataan ngayonsa pagiging magalang isa na ditto ang sosyal medya.
 - C. Oo, dahil mas matanda sila dapat may alam talaga sila sa pagiging magalang.
 - D. Oo, dahil sila ang nakikita at naging modelo ng mga kabataan sa anumang mga pagpapahalaga nila sa buhay lalo na sa pagiging magalang.
6. Paano makikita sa isang bata ang pagiging magalang?
- A. Ang hindi pagsunod sa mga tagubilin ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - B. Ang pag-alis ng bahay nang walang paalam sa mga magulang.
 - C. Ang pagsagot ng pabalang sa mga magulang tuwing inuutusan ito.
 - D. Ang pagsunod sa mga alituntunin ng magulang, nakatatanda at may awtoridad
7. Alin sa mga sitwasyon ang hindi nagpapaunlad sa pagiging magalang at mabuting kabataan?
- A. Maging mapili sa mga sasabihin sa harap ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - B. Paggawa ng desisyong pinag-isipang mag-isa at walang paalam sa mga magulang.
 - C. Sa pagkakaroon ng mabuting ehemplo o inspirasyon gaya ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - D. Sa pagkakaroon ng sariling pag-iisip para sa sariling kapakanan na hindi na kailangan ang gabay ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.
8. Paano maipapakita ng kabataan ang pagmamahal sa magulang, nakatatanda at may awtoridad?
- A. Paghingi ng payo sa mga magulang, nakatatanda o may awtoridad sa mga pagpapasyang gagawin.
 - B. Paglabag sa batas na itinakda ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - C. May sariling desisyon at hindi na kailangan pa ang gabay ng magulang, nakatatanda o may awtoridad.
 - D. Pagsasawalang bahala sa mga payo ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.

9. May itinakdang oras ang guro ni Lino kung kailan dapat ipasa ang mga takdang aralin. Paano maipakita ni Lino ang paggalang sa kanyang guro?
- A. Magpapasa si Lino ng kanyang takdang-aralin sa tamang oras.
 - B. Sasabay nalang si Lino sa kanyang mga kaklase na sa susunod na araw pa magpasa.
 - C. Hindi magpapasa si Lino ng takdang-aralin.
 - D. Magpapasa si Lino ngunit hindi kumpleto ang sagot.
10. Pinalaking masunurin at magalang si Danica ng kanyang mga magulang. Paano maipapakita ni Danica ang pagsunod at paggalang niya sa kanyang mga magulang?
- A. Aalis nang walang paalam.
 - B. Palaging nagpapaalam ng maayos kung saan pupunta tuwing aalis ng bahay.
 - C. Nagpaalam sa magulang ngunit hindi tama ang sinabing lugar na pupuntahan
 - D. Tatakas kasama ng barkda.
11. Malaki ang paggalang ni Marlon sa kanyang Lola dahil ito ang nagpalaki sa kanya. Paano maipapakita ni Marlon ang paggalang sa kanyang Lola.
- A. Sasama sa barkada sa inuman ng walang paalam ngunit uuwi din ng maaga.
 - B. Sasama sa barkada sa inuman ng hindi nagpapaalam sa kanyang Lola.
 - C. Hindi sasama sa barkada sa inuman ngunit hahabol din pagtulog na ang kanyang Lola.
 - D. Hindi sasama sa barkada sa inuman dahil ayaw niyang magalit ang kanyang Lola.
12. Madalas makita si Sanya ng kanyang mga kaklase na sinasaway ng kanyang mga magulang kung siya ay may nagawang mali. Bakit hindi nagagalit si Sanya sa kanyang mga magulang sa pagsaway nito?
- A. Dahil wala rin naman siyang magawa kung hindi siya sumunod sa mga ito.
 - B. Dahil wala siyang pakialam sa mga pinaggawa ng kanyang mga magulang sa kanya.
 - C. Dahil matatapang talaga ang kanyang mga magulang at takot siyang suwayin ang mga ito.
 - D. Dahil mahal niya ang kanyang mga magulang at alam niyang ang ginawa nila ay para lamang sa kanyang ikabubuti.

13. Kahit na tinutukso si Brod ng mga kaibigan na hindi na uso ang pagmamano ay patuloy pa rin itong nagmamano sa kanyang lolo at lola. Bakit ginagawa ni Brod ang ganitong kilos?
- A. Ito ay nakasanayan na niyang gawin.
 - B. Gusto lang niyang magpasikat sa kanyang mga kaibigan.
 - C. Ito ang alam niyang pagpapakita ng paggalang sa mga nakakatanda.
 - D. Ginagawa niya ito dahil pinapagalitan siya ng magulang niya kapag hindi ito ginawa.
14. Malaki ang paggalang ng mga magulang ni Janet sa mga alituntunin ng kanilang Baranggay dahil lagi nitong iniisip ang pagiging mabuting mamamayan sa kanilang pook. Paano naipapakita ng mga magulang ni Janet ang pagsunod sa mga alituntunin sa kanilang Baranggay?
- A. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay agad silang tumalima dito.
 - B. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay hindi sila susunod dito.
 - C. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay susunod sila pag sobrang malakas na ang bagyo.
 - D. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay nagagalit sila.
15. Alin sa sitwasyon ang nagpapamalas ng paggalang at pagsunod sa magulang?
- A. Tinutupad ni Rino ang bilin ng kanyang magulang na alagaan ang kanilang aso habang wala ang mga ito.
 - B. Pinapabayaang ni Aires ang sinaing na pinababantayan sa kanya ng ina dahil naglaro siya kasama ang kaibigan.
 - C. Nagpunta pa rin sa beach si Cheska kahit hindi ito pinayagan ng kanyang magulang para sumama sa kanyang mga kaibigan.
 - D. Nagtatapon pa rin ng basura si Eliza kahit may karatulang nakalagay na “bawal ang pagtatapon ng basura” sa gilid ng pader.

Aralin**1****Pagsunod at Paggalang:
Hubugin at Paunlarin**

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang kahalagahan ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at iba't ibang paraan upang maisabuhay. Sa araling ito, matutuhan mo naman kung paano mo pa mahuhubog at mapapaunlad ang mga pagpapahalagang ito tungo sa maayos na ugnayan sa kanila.

**Balikan****Gawain 1. Karanasan ko!**

Panuto: Gamit ang *table* sa ibaba, isalaysay ang iyong mga naging karanasan sa pagsunod at paggalang sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad. Ipaliwanag din kung ano ang naging epekto nito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Kilos sa Pagsunod	Naging epekto ng ginawang kilos
Sa magulang	
Sa nakatatanda	
Sa awtoridad	



Tuklasin

Gawain 2: Suri-sitwasyon!

Panuto: Suriin ang mga sitwasyon at ipaliwanag kung paano naipakita o hindi naipakita ang paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad. Gamiting gabay ang tsart na nasa ibaba. Sagutin din ang mga gabay na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Sitwasyon	Paano naipakita ang paggalang sa magulang/nakatatanda/awtoridad?
1. Isa sa mga napansin Sammy sa kaniyang mga magulang ay ang pagiging masunurin sa batas at alituntuntin tulad ng batas trapiko. Ayaw ng kanyang ama na tatawid sila sa hindi tamang tawiran. Ngayong pandemya, tinuturuan sila na sumunod sa mga <i>safety protocol</i> at pinagsusuot sila ng <i>face mask</i> kapag lalabas ito ng bahay.	
2. Ang ina ni Lorna ay nakikita niyang laging tumatawag at nangangamusta sa kanyang mga magulang. Lagi din itong humihingi ng payo at gabay sa mga ito kung nahihirapan itong magpasya sa mga gagawin lalo na sa pagpapalaki sa kanilang magkapatid. Nararamdaman niya ang pagmamahal ng kanyang ina sa mga ito.	
3. Ang ate ni Nina ay palaging nangunguna sa kanyang klase dahil masunurin ito sa kanilang guro kung kelan ang tamang oras ng pasahan ng kanilang takdang-aralin, nag-aaral din ito ng mabuti at sinusunod nito ang payo ng kanilang mga magulang na bawal munang makipagbarkada.	

<p>4. Nung minsang namasyal sa isang parke sina Rose at kanyang ate ay nakita niyang nagtapon ng basura sa hindi tamang lagayan ang kanyang ate dahil wala naman siyang nakitang basurahan. Kaya nung siya naman ang may basurang itatapon, basta na lamang niya itong itinapon sa kung saan.</p>	
---	--

Gabay na tanong:

1. Paanong naipakita ng bawat sitwasyon ang pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at awtoridad?
2. Ano ang iyong mararamdaman sa tuwing nakagagawa ka rin ng kilos na nagpapakita ng paggalang at pagsunod? Ipaliwanag.
3. Sa iyong palagay, may kaakibat bang responsibilidad ang mga magulang, nakatatanda at may awtoridad sa paghubog ng pagpapahalaga ng mga kabataan sa paggalang, pagsunod at pagmamahal? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Masasabi mo bang naisasabuhay mo ang mga pagpapahalagang ito? Sa paanong paraan?
5. Paano mo mahihikayat ang kapwa mo kabataan na isabuhay rin ang mga pagpapahalagang ito? Magbigay ng ilang pamamaraan.



Suriin

Kaibigan, marahil ay inuutusan ka ng iyong mga magulang araw-araw, maaaring sa mga gawaing bahay o hindi kaya ay pagbili ng pagkain o gamit. Sinusunod mo ba ng bukal sa puso ang kanilang mga utos? Noong ikaw ay may nakasalubong na matanda sa daan na nahihirapan sa kanyang dala, naisip mo bang siya ay tulungan? Sinusunod mo ba ang mga alituntunin sa iyong paaralan? Pagnilayan na ang pagmamahal ay nagdudulot ng malalim na pananagutan at pagkilala sa mga itinuturing nating tagahubog at tagapagturo ng mga pagpapahalaga at mabuting pag-uugali tulad ng ating magulang, mga nakatatanda at mga may awtoridad.

Kung babalikan natin ang ***Suri-Salaysay*** sa bahaging **Tuklasin**, malaki ang naging impluwensya ng mga taong nakapaligid sa kanya sa paghubog at pagpapaunlad sa kanyang mga pagpapahalaga. Sa pamamagitan ng ipinapakitang pagmamahal, pagsunod at paggalang ng mga ito, nagkaroon ng magandang naidulot ang mga nasa salaysay. Ipinapakita dito na ang pagsunod at paggalang ay ginagawa ng dahil sa pagmamahal, sa malalim na pananagutan at sa pagkilala sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ang mga pagpapahalaga at hindi sa kung ano pamang kadahilanan.

Lahat ng makikita o maobserbahan mo sa iyong paligid ay maaring makaimpluwensya sa iyong mga batayan at pagpapahalaga. Kaya nararapat na habang bata nalalaman mo na ang iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad ay ang nararapat mong sundin at igalang para sa iyong ikabubuti at ikauunlad.


Walang magulang ang may gustong mapahamak ang kanilang mga anak. Nagkakaiba-iba man ng pamamaraan ng pagpapalaki, ang tunguhin nila ay iisa lamang, ang maging maayos ang at produktibong bahagi ng lipunan ang kanilang mga anak. Hayaan mo silang hubugin, gabayan at paunlarin ang ating mga pagpapahalaga. Bilang kapalit, nararapat din na ipakita natin ang ating pagpapahalaga sa pamamagitan ng pagsunod at paggalang sa kanilang mga gabay at payo. Halimbawa dito ay ang pagpapaalam mo sa iyong mga magulang bago umalis ng bahay dahil ang gusto lang nila na hindi ka mapapahamak sa lugar na iyong pupuntahan, pagsasabi ng “*Salamat po*”, “*Mahal kita*” at “*Patawad sa kamaliang nagawa*”, paggawa ng tama at pag-iwas sa mga maling gawi.

Maari ring maging gabay mo ang mga nakatatanda na nakapalibot sa iyo. Hindi man sila direktang nakaiimpluwensya sa iyo ngunit ang kanilang mga ginagawa at payo ay nakakatulung din sa paghubog ng iyong mga pagpapahalaga. Sila ay mas nauna sa iyo at may malalim na pananagutan sa lipunan kaya dapat mong malaman na marami na silang pinagdaanan at bilang kabataan nararapat na igalang at sundin mo din sila. Halimbawa sa pagpapakita ng pagsunod at paggalang sa mga nakatatanda ay ang pagbati at pagsabi ng *“Magandang gabi po”* sa tuwing nakakasabong mo sila sa daan o di kaya ay pagsunod sa kanilang payo Kung ito ay naaayon.

Lahat ng may awtoridad naman sa kahit saan mang lugar ay may mga batas na pinaiiral upang maipatupad ang kaayusan. Kaya ang pagkilala sa kanilang awtoridad ay isa sa magbantay at maghubog sa iyong mga pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang. Bilang mabuting mamamayan, dapat lamang na iyong ibigay ang pagsunod at paggalang sa kanila upang maging bahagi ka sa kaunlaran ng iyong lugar. Halimbawa, ang mga guro ay tumatayong pangalawang magulang sa mga kabataang tulad mo na may tungkuling hubugin ang kaalaman at kakayahan upang magkaroon ka ng magandang kinabukasan. Kung kaya, nararapat lamang na ipamalas mo din sa mga guro ang pagmamahal at paggalang sa pagsunod sa takdang oras ng pasahan ng mga proyekto, pagbati ng magandang umaga o tanghali o gabi tuwing makakasabong sila. Ang kanilang mga gabay at turo ang isa sa iyong mga maging sandalan sa pagharap natin sa hamon ng buhay.

Kung ikaw ay maging mapagmahal, masunurin at magalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad tiyak na ikaw ay magiging isang magandang ehemplo sa mga kabataang tulad mo. Ikaw ay magiging inspirasyon sa ibang kabataan na gumawa ng mabuti hindi lamang para sa sarili maging sa kapwa upang mapatatag ang ugnayan ng tao sa lipunang kanyang ginagalawan.

Laging pakatandaan na ang paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad ay laging nakabubuti sa iyong pagkatao. Laging isaisip na ang pagkakaroon ng mabuting pamumuhay ay mag-uugat sa pagkakaroon ng paggalang at pagsunod sa anumang aspektong makabubuti sa lahat na magdudulot ng katiwasayan at magandang kinabukasan. Bilang kabataan, dapat mo ring tandaan na ang paggalang at pagsunod ay kinakailangan din ng mapanuring pag-iisip at may pagsasaalang-alang sa kung ano ang mabuti at makatarungan. Suriin din ang mga bagay na kailangan sundin at matutong makipag-usap at magtanong upang maiwasan ang di pagkakaunawaan. Makabubuti rin kung nauunawaan natin ang tamang paraan ng paggalang at pakikipag-ugnayan kahit may mga di pagkakasunduan. Ang paggalang at pagsunod ay may kalakip ring pananagutan na manatili sa paggawa ng mabuti at tama.



Pagyamanin

Gawain 3: Karanasan ko!?

Panuto: Maghinuha ng tatlong (3) kilos na nagpapamalas ng paggalang at pagsunod mo sa iyong magulang, nakatatanda at awtoridad. Isulat sa bilog ang iyong mga **Kilos**. Lagyan ng tsek (✓) ang kahon na **Palagi** kung ang kilos ay laging ginagawa, at sa kahon na **Minsan** kung madalang mo itong isinasagawa. Ilahad naman sa bilog na nasa kanan ang iyong mga dahilan sa palagi o minsang pagsasagawa ng mga kilos. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

	Kilos	Palagi	Minsan	Dahilan
1.				
2.				
3.				

Gawain 4: Karanasan sa Pagsunod at Paggalang

Panuto: Magbigay ng tatlong karanasan kung saan naipakita mo ang pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad. Tukuyin ang iyong responsibilidad at pananagutan sa sitwasyon at ang kinahinat na ng kilos na ginawa. Gamitin na gabay ang *table* sa ibaba at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Karanasan na nagpapakita ng pagsunod at paggalang	Ano ang iyong responsibilidad o pananagutan sa sitwasyon?	Ano ang kinahinatnan ng ginawang pagkilos?



Isaisip

Gawain 6: Iyong Kaalaman!

Panuto: Isulat ang iyong mga natutuhan hinggil sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1	Pagsunod at paggalang sa magulang. • • •
2	Pagsunod at paggalang sa nakatatanda. • • •
3	Pagsunod at paggalang sa awtoridad • • •



Isagawa

Gawain 5: Paggalang sa Kapwa, Isasagawa ko!

Panuto: Unawain ang bawat sitwasyon at magbigay ng paraan kung paano maipapakita ang pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon	Paraan ng pagpapakita ng paggalang o pagsunod
1. Ikaw ay nangangailangan magpasya sa <i>track</i> na nais mong kunin para sa Senior High School at kailangan mo itong pagisipan at talakayan kasama ang iyong magulang. Paano mo maipapakita ang paggalang sa iyong magulang sa ganitong sitwasyon?	

<p>2. May <i>field trip</i> ang inyong pangkat na tatagal ng dalawang araw. Nangangailangan ng pahintulot ng iyong mga magulang upang maksali sa gawaing ito. Paano maisasabuhay ang paggalang sa iyong magulang sa ganitong sitwasyon?</p>	
<p>3. Si Ana ay abala sa pagtatapos ng kanyang proyekto sa EsP ngunit batid niyang hindi niya ito kayang tapusin at ipasa sa takdang panahon. Ano kaya ang maaaring gawin ni Ana? Paano niya mapapanatili ang paggalang sa kanyang guro na nagbigay ng proyekto?</p>	
<p>4. May lumapit na isang matanda kay Sally at nagtanong kung saan ang daan papuntang palengke. Paano kaya mapapanatili ni Sally ang paggalang sa nakatatanda sa sitwasyong ito?</p>	
<p>5. Dahil sa umiiral na <i>community quarantine</i>, ang lahat ng tao lalo na ang mga menor de edad ay pinapaalalahanan na manatili sa loob ng tahanan para maiwasan ang pagkakaroon ng COVID-19. Paano maipapakita ang paggalang sa awtoridad sa panahong ito lalo na sa mga nagpapatupad ng mga <i>health protocols</i>?</p>	

Gawain 7: Pangako ng Pagsunod at Paggalang

Panuto: Bumuo ng isang pangako hinggil sa pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad dahil sa iyong pagmamahal, sa iyong malalim na pananagutan at sa iyong pagkilala sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ang iyong mga pagpapahalaga bilang kabataan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ako bilang Anak:

Ako bilang nakababata:

Ako Bilang Mamamayan:

Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (7 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (3 puntos)
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan	Napakalinaw ang pagkalahad sa iyong pangako hinggil sa paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Malinaw ang pagkalahad sa iyong pangako hinggil sa paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Hindi malinaw ang pagkalahad sa iyong pangako hinggil sa paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
Matukoy ang mga kilos na magpapakita ng pagsunod at paggalang	Natutukoy ang mga kilos na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Matukoy ang mga kilos na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Hindi matukoy ang mga kilos na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
Organisasyon ng mga ideya	Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya na magpapakita ng paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
Kabuoang Puntos			



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano makikita sa isang bata ang pag-uugaling magalang?
 - A. Ang hindi pagsunod sa mga tagubilin ng mga magulang, nakakatanda at may awtoridad.
 - B. Ang pag-alis ng bahay nang walang paalam sa mga magulang.
 - C. Ang pagsagot ng pabalang sa mga magulang tuwing inuutusan ito.
 - D. Ang pagsunod sa mga alituntunin ng magulang, nakatatanda at may awtoridad

2. Alin sa mga sitwasyon ang hindi nagpapaunlad sa pagiging magalang at mabuting kabataan?
 - A. Maging mapili sa mga sasabihin sa harap ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - B. Paggawa ng desisyong pinag-isipang mag-isa at walang paalam sa mga magulang.
 - C. Sa pagkakaroon ng mabuting ehemplo o inspirasyon gaya ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - D. Sa pagkakaroon ng sariling pag-iisip para sa sariling kapakanan na hindi na kailangan ang gabay ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.

3. Paano maipapakita ng kabataan ang pagmamahal sa magulang, nakatatanda at may awtoridad?
 - A. Paghingi ng payo sa mga magulang, nakatatanda o may awtoridad sa mga pagpapasayang gagawin.
 - B. Paglabag sa batas na itinakda ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.
 - C. May sariling desisyon at hindi na kailangan pa ang gabay ng magulang, nakatatanda o may awtoridad.
 - D. Pagsasawalang bahala sa mga payo ng magulang, nakatatanda at may awtoridad.

4. May itinakdang oras ang guro ni Lino kung kailan dapat ipasa ang mga takdang aralin. Paano maipakita ni Lino ang paggalang sa kanyang guro?
 - A. Magpapasa si Lino ng kanyang takdang-aralin sa tamang oras.
 - B. Sasabay nalang si Lino sa kanyang mga kaklase na sa susunod na araw pa magpasa.
 - C. Hindi magpapasa si Lino ng takdang-aralin.
 - D. Magpapasa si Lino ngunit hindi kumpleto ang sagot.

5. Pinalaking masunurin at magalang si Danica ng kanyang mga magulang. Paano maipapakita ni Danica ang pagsunod at paggalang niya sa kanyang mga magulang?
 - A. Aalis ng walang paalam.
 - B. Palaging nagpapaalam ng maayos kung saan pupunta tuwing aalis ng bahay.
 - C. Nagpaalam sa magulang ngunit hindi tama ang sinabing lugar na pupuntahan
 - D. Tatakas kasama ng barkda.

6. Malaki ang paggalang ni Marlon sa kanyang Lola dahil ito ang nagpalaki sa kanya. Paano maipapakita ni Marlon ang paggalang sa kanyang Lola.
 - A. Sasama sa barkada sa inuman ng walang paalam ngunit uuwi din ng maaga.
 - B. Sasama sa barkada sa inuman ng hindi nagpapaalam sa kanyang Lola.
 - C. Hindi sasama sa barkada sa inuman ngunit hahabol din pagtulog na ang kanyang Lola.
 - D. Hindi sasama sa barkada sa inuman dahil ayaw niyang magalit ang kanyang Lola.

7. Madalas makita si Sanya ng kanyang mga kaklase na sinasaway ng kanyang mga magulang kung siya ay may nagawang mali. Bakit hindi nagagalit si Sanya sa kanyang mga magulang sa pagsaway nito?
 - A. Dahil wala rin naman siyang magawa kung hindi siya sumunod sa mga ito.
 - B. Dahil wala siyang pakialam sa mga pinaggawa ng kanyang mga magulang sa kanya.
 - C. Dahil matatapang talaga ang kanyang mga magulang at takot siyang suwayin ang mga ito.
 - D. Dahil mahal niya ang kanyang mga magulang at alam niyang ang ginawa nila ay para lamang sa kanyang ikabubuti.

8. Kahit na tinutukso si Brod ng mga kaibigan na hindi na uso ang pagmamano ay patuloy pa rin itong nagmamano sa kanyang lolo at lola. Bakit ginagawa ni Brod ang ganitong kilos?
- A. Ito ay nakasanayan na niyang gawin.
 - B. Gusto lang niyang magpasikat sa kanyang mga kaibigan.
 - C. Ito ang alam niyang pagpapakita ng paggalang sa mga nakakatanda.
 - D. Ginagawa niya ito dahil pinapagalitan siya ng magulang niya kapag hindi ito ginawa.
9. Malaki ang paggalang ng mga magulang ni Janet sa mga alituntunin ng kanilang Baranggay dahil lagi nitong iniisip ang pagiging mabuting mamamayan sa kanilang pook. Paano naipapakita ng mga magulang ni Janet ang pagsunod sa mga alituntunin sa kanilang Baranggay?
- A. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay agad silang tumalima dito.
 - B. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay hindi sila susunod dito.
 - C. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay susunod sila pag sobrang malakas na ang bagyo.
 - D. Kapag pinapalikas sila tuwing may bagyong paparating ay nagagalit sila.
10. Alin sa sitwasyon ang nagpapamalas ng paggalang at pagsunod sa magulang?
- A. Tinutupad ni Rino ang bilin ng kanyang magulang na alagaan ang kanilang aso habang wala ang mga ito.
 - B. Pinapabayaang ni Aires ang sinaing na pinababantayan sa kanya ng ina dahil naglaro siya kasama ang kaibigan.
 - C. Nagpunta pa rin sa beach si Cheska kahit hindi ito pinayagan ng kanyang magulang para sumama sa kanyang mga kaibigan.
 - D. Nagtatapon pa rin ng basura si Eliza kahit may karatulang nakalagay na “bawal ang pagtatapon ng basura” sa gilid ng pader.
11. Mahal ni Nanding ang kanyang Lolo kaya lagi nyang sinusunod ang lahat ng tagubilin nito sa kanya. Kaya isang araw, inutusan siya ng kanyang Lolo na bumili ng pagkain para sa kanila. Paano maipakita ni Nanding ang paggalang at pagsunod niya sa kanyang Lolo?
- A. Nagmaktol na bumili ng pagkain dahil naiinis siya na inutusan siya.
 - B. Sinunod niya ng bukal sa kanyang kalooban ang utos ng Lolo niya.
 - C. Sinunod niya ang kanyang Lolo ngunit huminto sa may tindahan at nakipagkwentuhan.
 - D. Iniwan ang kanyang Lolo at pumasok sa kwarto.

12. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa magulang?
- A. Ayaw tulungan ni April ang kanyang mga magulang sa gawaing bahay.
 - B. Si Sally ay palaging nagpapaalam sa mga magulang tuwing siya ay may lakad.
 - C. Inutusan sa Jercyl ng kanyang mga Nanay na bumili ng suka sa tindahan pero hindi siya sumunod dito.
 - D. Sinasagot-sagot ni Justine ang kanyang Tatay nang siya ay pangaralan tungkol sa pakikipagrealsyon sa ibang kasarian.
13. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda?
- A. Pinagalitan ni Arnel ang matandang drayber ng dyip dahil muntik na siya nitong masagasaan.
 - B. Binulyawan ni Lando ang matandang lalaki na nakasalubong niya sa daan dahil naapakan ang paa nito.
 - C. Malumanay ang tinig ni Dante habang kausap niya ang isang matandang nagtatanong kung saan ang kalye Crisologo.
 - D. Tinulak ni Tanya ang matandang babae na naglalakad sa harapan niya dahil nagmamadali na siya sa pagpasok sa kanyang trabaho.
14. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng paggalang sa may awtoridad?
- A. Tumawid si Tina sa daan kahit na ito ay ipinagbabawal.
 - B. Sinunod ng mga mamimili sa grocery store ang social distancing.
 - C. Ang tatay ni Tony ay lumabas ng bahay na walang suot na *face mask*.
 - D. Sinabihan si Annie ng pulis na bawal lumabas ng bahay ang may edad 20 pababa ngayong ECQ ngunit lumabas at nakipagtsimisan ito sa kapitbahay.
15. Malaki ba ang responsibilidad ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad sa paghubog ng pagpapahalaga ng isang bata lalo na sa pagiging magalang?
- A. Hindi, dahil nasa bata na kung ano ang gusto niyang sundin na pagpapahalaga lalo na sa pagiging magalang.
 - B. Hindi, dahil marami ang naging batayan ng kabataan ngayonsa pagiging magalang isa na ditto ang sosyal medya.
 - C. Oo, dahil mas matanda sila dapat may alam talaga sila sa pagiging magalang.
 - D. Oo, dahil sila ang nakikita at naging modelo ng mga kabataan sa anumang mga pagpapahalaga nila sa buhay lalo na sa pagiging magalang.



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Tula ng Paggalang!

Panuto: Sumulat ng isang **tula** na may magandang pamagat at may tatlong saknong lamang na nagpapahayag sa iyong mga pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad bunga ng iyong pagmamahal at pakilala sa kanilang awtoridad na hubugin, bantayan at paunlarin ka bilang isang mabuting kabataan. Isulat ang sagot sa sagutang papel

Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (7 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (3 puntos)
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan	Napakalinaw ang pagkalahad sa mensahe ng tula hinggil sa pagpapahayag ng halaga sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Malinaw ang pagkalahad sa mensahe ng tula hinggil sa pagpapahayag ng halaga sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Hindi malinaw ang pagkalahad sa mensahe ng tula hinggil sa pagpapahayag ng halaga sa pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
Matukoy ang mga kilos na nagpapahalaga sa pagsunod at paggalang	Natutukoy sa tula ang mga pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad	Matukoy sa tula ang mga pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad	Hindi matukoy sa tula ang mga pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad
Organisasyon ng mga ideya	Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya ng tula sa pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya ng tula sa pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad	Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya ng tula sa pagpapahalaga sa pagsunod at paggalang awtoridad
Kabuoang Puntos			



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. D
2. B
3. A
4. A
5. D
6. D
7. D
8. C
9. A
10. A
11. B
12. B
13. C
14. D
15. D

Subukin

1. B
2. B
3. C
4. B
5. D
6. D
7. B
8. A
9. A
10. C
11. D
12. D
13. C
14. A
15. A

Sanggunian

Aklatan:

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko:

Abello, J. n.d. *inspiring.com*. Accessed June 6, 2020.
<https://inspiringtips.com/ways-to-respect-your-parents/>.

n.d. *bayviewhealthcare.org*. Accessed June 6, 2020.
<https://www.bayviewhealthcare.org/9-ways-honor-respect-elders/>.

Gupta, P. 2017. *parentcircle*. February 15. Accessed June 6, 2020.
<https://www.parentcircle.com/article/5-ways-to-teach-children-to-respect-law-and-authority/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph